# PAUNAWA NG AKSIYON

COUNTY NG

STATE OF CALIFORNIA
HEALTH AND HUMAN SERVICES AGENCY
CALIFORNIA DEPARTMENT OF SOCIAL SERVICES

Petsa ng Paunawa : ____________
Kaso
Pangalan : ____________
Numero : ____________
Manggagawa
Pangalan : ____________
Numero : ____________
Telepono : ____________
Direksiyon : ____________

(ADDRESSEE)

May mga Katanungan? Itanong sa

**Pagdinig ng Estado: Kung sa palagay ninyo ay mali ang aksiyon, makakahingi kayo ng pagdinig. Ang inyong mga benepisyo ay hindi maaaring baguhin kung hihingi kayo ng pagdinig bago maganap ang aksiyong ito. Kung kayo at ang county ay hindi nagkakasundo o kung wala kayong narinig mula sa inyong manggagawa, huwag maghintay upang humingi ng pagdinig. Dapat kayong humingi ng pagdinig bago ang isang partikular na bilang ng mga araw. Tingnan ang likod ng paunawang ito para sa karagdagang impormasyon at upang malaman kung paano humingi ng pagdinig.**

____________ , **ang aming mga rekord ay nagpapakita na kayo ay hindi:**

- ☐ Pumirma sa plano ng Welfare-to-Work noong ____________ .
- ☐ Lumahok sa____________ noong ____________ .
- ☐ Gumawa ng magandang progreso sa inyong ____________ na aktibidad dahil ____________ .
- ☐ Tinanggap ang trabaho sa____________ .
- ☐ Pinanatili ang inyong trabaho sa ____________ .
- ☐ Pinanatili ang kaparehong halaga ng kinikita.

**Hindi namin babaguhin ang halaga ng inyong gawad na tulong na pera.**

**KAILANGAN NAMING MAKAUSAP KAYO**

Upang manatili sa Welfare-to-Work, dapat naming makausap kayo tungkol sa problema. Ang isang appointment ay ginawa para sa inyo sa ____________, sa oras na ______, sa ____________. Kung kailangan ninyo ng transportasyon o pag-aalaga ng bata upang makapunta sa pulong na ito, tawagan ang inyong manggagawa para sa Welfare-to-Work sa numero ng telepono na nakalista sa ibaba.

Pangalan ng Manggagawa sa Welfare-to-Work: ____________

Numero ng Telepono: ____________

Kung hindi kayo makakapunta sa pulong na ito, dapat ninyong tawagan ang inyong manggagawa upang magtakda ng isang bagong petsa o oras. Maliban kung mayroon kayong magandang dahilan, mapapalitan ninyo ang pulong nang isang beses lamang. Makakatawag din kayo sa inyong manggagawa upang makipag-usap tungkol sa problema sa halip na pumunta sa pulong. Dapat ninyong tawagan ang inyong manggagawa upang magtakda ng bagong petsa o oras ng pulong, o upang makipag-usap tungkol sa inyong problema sa pamamagitan ng telepono, bago lumampas ang ____________ .

Kapang makikipag-usap kayo sa inyong manggagawa, itatanong sa inyo kung kayo ay may magandang dahilan ("magandang katwiran") sa hindi ninyo paggawa sa hininging gawin ninyo. Kung mapatibayan namin na kayo ay may magandang dahilan, hindi namin kayo aalisin sa Welfare-to-Work dahil sa problemang ito. Ang ilang mga halimbawa ng magagandang dahilan ay hindi pagkakaroon ng pag-aalaga ng bata o transportasyon. Para sa ibang magagandang dahilan, tingnan ang porma ng "Paghiling ng Pagpapasiya ng Magandang Dahilan" na ipinadalang kasama ng paunawang ito.

Kung wala kayong magandang dahilan para sa hindi paggawa sa hininging gawin ninyo, maaari kayong sumang-ayon sa isang plano sa pagsunod upang matugunan ang mga tuntunin ng Welfare-to-Work. Hindi namin kayo aalisin sa Welfare-to-Work kung sasang-ayon kayo sa isang plano sa pagsunod at saka gagawin ang sinasabi nito. Hindi namin kayo aalisin sa Welfare-to-Work kung sasang-ayon kayo sa isang plano sa pagsunod at saka gagawain ang sinasabi nito. Kung mangyari ito, tatanggap kayo ng isang nakahiwalay na paunawa.

**PAANO DAPAT MANATILI SA WELFARE-TO-WORK**

**Pagsapit ng ____________ , kayo ay aalisin sa Welfare-to-Work maliban kung ipakita ninyo sa amin na kayo ay may magandang dahilan para sa hindi paggawa ng hiningi naming gawin ninyo. Kung wala kayong magandang dahilan para sa hindi paggawa sa hininging gawin ninyo, maaari kayong sumang-ayon sa isang plano sa pagsunod upang manatili sa Welfare-to-Work. Kung hindi kayo sumang-ayon sa isang plano sa pagsunod, hindi kayo tatanggap ng isa pang paunawa bago kayo alisin sa Welfare-to-Work.**

Hindi kami magbabayad para sa transportasyon, o mga gastos na may kaugnayan sa trabaho o pagsasanay habang kayo ay wala sa Wellfare-to-Work. Maaari kaming magbayad para sa pag-aalaga ng bata, kung kayo ay nagtatrabaho o pumapasok sa paaralan.

**PAANO DAPAT BUMALIK SA WELFARE-TO-WORK**

Kung kayo ay inalis sa Welfare-to-Work, maaari kayong muling makapasok sa ibang petsa. Upang malaman kung kailan kayo makakalahok muli at ang dapat ninyong gawin, tawagan ang county sa ____________ .

**KAILANGAN BA NINYO NG LIBRENG TULONG NA PAMBATAS?**
Makakakuha kayo ng libreng tulong sa problemang ito mula sa:

Lokal na Opisina ng Tulong na Pambatas: (    )

____________

Organisasyon sa mga Karapatan sa Welfare ng Estado: (    )

____________

**CalFresh:** Kung ang kabiguang tugunan ang mga iniaatas ng Welfare-to-Work ay naging dahilan din ng parusang kaugnay ng CalFresh, maaaring hindi kayo makakuha ng mga benepisyo ng CalFresh. Kung may parusang kaugnay ng CalFresh, tatanggap kayo ng isa pang paunawa na nagsasabi sa inyo kung gaano katagal ititigil ang inyong mga benepisyo ng CalFresh.

**Medi-Cal:** Itong Paunawa ng Aksiyon ay HINDI nagbabago o nagpapatigil sa mga benepisyo ng Medi-Cal. **Panatilihin ang inyong plastik na Benefits Identification Card(s).**

**Mga Tuntunin:** Ang mga tuntuning ito ay pinaiiral: CalWORKs MPP § 42-712 (mga di-pagsaklaw); 42-713 (magandang dahilan); 42-721 (di-pagsunod at magandang dahilan). CalFresh MPP § 63-407.521. Maaari ninyong repasuhin ang mga ito sa inyong opisina ng welfare.

## ANG MGA KARAPATAN NINYO SA PAGDINIG

**May karapatan kayong humiling ng pagdinig kung hindi kayo sang-ayon sa anumang aksyon ng county. 90 araw lamang ang mayroon kayo para humiling ng pagdinig. Nagsimula ang takdang panahon na 90 araw noong kinabukasan ng araw na ibinigay o ikinoreo sa inyo ang notisyang ito. Kung mayroon kayong mabuting katwiran kung bakit hindi kayo nakapag-file para sa pagdinig sa loob ng itinakdang 90 araw, maaari pa rin kayong mag-file para sa pagdinig. Kung makapagbigay kayo ng mabuting katwiran, maaari pa ring magtakda ng pagdinig.**

**Kung humiling kayo ng pagdinig bago mangyari ang aksyon tungkol sa Cash Aid, Medi-Cal, CalFresh, o Child Care:**

- Mananatiling pareho ang inyong Cash Aid o Medi-Cal habang hinihintay ninyo ang pagdinig.
- Maaaring manatiling pareho ang inyong Child Care Services habang hinihintay ninyo ang pagdinig.
- Mananatiling pareho ang inyong mga benepisyo sa CalFresh hanggang sa pagdinig o sa katapusan ng takdang panahon para sa pagpapatunay ninyo, alinman ang mauna.

**Kung ang hatol ng pagdinig ay nagpapahayag na tama kami, kayo ay magkakautang sa amin para sa anumang ekstra na Cash Aid, CalFresh o Child Care Services na natanggap ninyo.** Para pahintulutan kaming babaan o ihinto ang mga benepisyo ninyo bago idaos ang pagdinig, markahan ng check sa ibaba nito:

Oo, babaan o ihinto: ☐ Cash Aid ☐ CalFresh ☐ Child Care

**Habang Hinihintay Ninyo ang Hatol ng Pagdinig para sa:**

**Welfare to Work:**

Hindi kayo kailangang sumali sa mga gawain.

Maaari kayong tumanggap ng bayad para sa pagpapaalaga ng bata para sa empleo at mga gawain na inaprobahan ng county na nauna sa notisyang ito.

Kung ipinabatid namin sa inyo na ihihinto ang mga bayad para sa inyong mga ibang serbisyong pang-alalay, hindi na kayo makakatanggap ng mga bayad, kahit na pumunta kayo sa gawain ninyo.

Kung ipinabatid namin sa inyo na babayaran namin ang inyong mga ibang serbisyong pang-alalay, babayaran ang mga ito sa halaga at sa paraan na binanggit namin sa inyo sa notisyang ito.

- Para makuha iyong mga serbisyong pang-alalay, dapat kayong pumunta sa gawaing sinabi sa inyo ng county na daluhan.
- Kung ang halaga ng mga serbisyong pang-alalay na ibinabayad sa inyo ng county habang hinihintay ninyo ang hatol ng pagdinig ay hindi sapat para mapahintulutan kayong sumali, maaari kayong huminto sa pagpunta sa gawain.

**Cal-Learn:**

- Hindi kayo maaaring sumali sa Cal-Learn Program kung ipinabatid namin sa inyo na hindi namin kayo mapaglilingkuran.
- Mga serbisyong pang-alalay ng Cal-Learn para sa isang aprobadong gawain lamang ang babayaran namin.

## IBA PANG IMPORMASYON

**Mga Myembro ng Medi-Cal Managed Care Plan:** Maaaring itigil ng aksyong nasa notisyang ito ang inyong kakayahang makakuha ng serbisyo mula sa inyong managed care health plan. Maaaring gustohin ninyong kontakin ang membership services ng inyong health plan kung mayroon kayong mga tanong.

**Sustentong Pambata at/o Medical:** Tutulong ang lokal na ahensya ng sustentong pambata na kumolekta ng sustento na walang bayad kahit na hindi kayo kasali sa cash aid. Kung kumukolekta na sila ngayon ng sustento para sa inyo, patuloy nilang gagawin ito maliban kung sabihin ninyo sa kanila na huminto sa pamamagitan ng isang kasulatan. Ipadadala nila sa inyo iyong perang nakolekta para sa kasalukuyang sustento pero mananatili sa kanila ang perang nakolekta para sa atrasadong bayad na utang sa county.

**Family Planning:** Bibigyan kayo ng impormasyon ng inyong opisina ng welfare kapag humiling kayo nito.

**File para sa Pagdinig:** Kung humiling kayo ng pagdinig, gagawa ang State Hearing Division ng file. May karapatan kayong makita itong file bago idaos ang inyong pagdinig at makakuha ng kopya ng nakasulat na paninindigan ng county sa kaso ninyo nang dalawang araw man lamang bago idaos ang pagdinig. Maaaring ibigay ng estado ang inyong file para sa pagdinig sa Welfare Department at sa U.S. Departments of Health and Human Services and Agriculture. (W&I Code Sections 10850 and 10950.)

# PARA HUMILING NG PAGDINIG:

- **Sagutin ang pahinang ito .**
- Gumawa ng kopya ng harap at ng likod ng pahinang ito para sa inyong records.

  Kung hihilingin ninyo, kukuha ang tauhang mayhawak sa kaso ninyo ng kopya nitong pahina para sa inyo.
- **Ipadala o dalhin ang pahinang ito sa:**

  **O**
- **Tumawag nang libre sa: 1-800-952-5253 o** para sa may kapansanan sa pandinig o pananalita na gumagamit ng TDD, sa **1-800-952-8349.**

**Para Makakuha ng Tulong: Maaari kayong magtanong tungkol sa inyong mga karapatan sa pagdinig o para sa pagsangguni sa legal aid sa mga numero ng telepono ng estado na libre ang tawag na nakalista sa itaas.** Maaari kayong makakuha ng libreng tulong tungkol sa batas sa lokal na opisina ng legal aid o welfare rights.

**Kung ayaw ninyong pumunta nang nag-iisa sa pagdinig, maaari kayong magsama ng kaibigan o ng sinuman.**

### KAHILINGAN PARA SA PAGDINIG

Gusto ko ng pagdinig dahil sa isang aksyon ng Welfare Department ng County ng ______________ tungkol sa aking:

☐ Cash Aid ☐ CalFresh ☐ Medi-Cal

☐ Iba pa (ilista) ________________________________________

**NARITO ANG DAHILAN:** ________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

________________________________________________________

☐ **Kung kailangan ninyo ng karagdagang espasyo, markahan ng check dito at magdagdag ng pahina.**

☐ Nangangailangan akong mabigyan ng estado ng tagapagsalin na walang gastos sa akin. (Hindi maaaring magsalin para sa inyo ang isang kamag-anak o kaibigan sa pagdinig.)

Ang aking wika o dialekto ay: ________________________

PANGALAN NG TAO KUNG KANINONG MGA BENEPISYO ANG HININDIAN, BINAGO O HININTO

| ARAW NG KAPANGANAKAN | NUMERO NG TELEPONO | |
|---|---|---|
| ADDRESS | | |
| LUNGSOD | ESTADO | ZIP CODE |
| PIRMA | PETSA | |
| PANGALAN NG TAONG SUMASAGOT SA FORM NA ITO | NUMERO NG TELEPONO | |

☐ **Ang taong nakapangalan sa ibaba ang gusto kong gumanap na kinatawan ko sa pagdinig na ito. Pinahihintulutan ko ang taong ito na makita ang aking records o pumunta sa pagdinig para sa akin. (Ang taong ito ay maaaring isang kaibigan o kamag-anak pero hindi maaaring magsalin para sa inyo.)**

| PANGALAN | NUMERO NG TELEPONO | |
|---|---|---|
| ADDRESS | | |
| LUNGSOD | ESTADO | ZIP CODE |